7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Josephine G. San Gabriel |
| **Content Reviewer:** | Edita T. Olan |
| **Tagaguhit:** | Jeewel L. Cabriga |
| **Tagalapat:** | Allan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Loreta L. Salvador |
| **External Content Validators:** | Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez |
| **External Language Validators:** | Corazon G. Are |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pananampalataya sa Diyos, kasabay ng pagpapahalaga at paggalang sa iba't ibang pananampalataya ng iba upang makabuo ng isang inklusibong kapaligiran sa loob ng paaralan | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang paglalapat ng sariling pananampalataya sa lahat ng oras upang malinang ang pananalig sa Diyos. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Pananalig sa Diyos (Faith) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nakapagsasanay sa pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi ng positibong pananaw sa pagharap sa mga hamon sa buhay: | | | |
| | A. Natutukoy ang mahalagang papel ng sariling pananampalataya sa buhay | B. Naipaliliwanag na ang sariling pananampalataya sa Diyos ay nakatutulong sa pagkakaroon ng pag-asa, katatagan, at lakas ng loob (courage) sa pagharap sa mga hamon sa buhay | C. Nailalapat ang sariling pananampalataya sa Diyos sa lahat ng oras lalo na sa mga mapanghamong situwasyon (hal. positibong pananaw sa kabila ng kahirapan) | |
| *E. Mga Layunin* | a. Nakikilala at nauunawaan ang sariling pananampalatay<br>b. Natutukoy at naipapaliwanag ang mahalagang papel ng | d. Naipapaliwanag na ang ang sariling pananampalataya sa Diyos ay nakatutulong sa pagkakaroon ng pag-asa, katatagan, at | f. Nailalapat ang sariling pananampalataya sa Diyos sa lahat ng oras lalo na sa mga mapanghamong situwasyon (hal. | h. Nakapagbabahagi ng positibong pananaw sa pagharap sa iba't- ibang hamon sa buhay bilang resulta ng matibay na pananalig sa Diyos. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sariling pananampalataya sa pang-araw-araw na buhay<br>c. Nasusuri ang mga sitwasyon kung saan naipapakita ang mahalagang papel ng sariling pananampalataya sa buhay. | lakas ng loob (courage) sa pagharap sa mga hamon sa buhay<br>e. Natutuklasan na ang mga hamon at pagsubok sa buhay ay hinaharap at nalalagpasan sa pamamagitan ng mga pagkakaroon ng matatag na pananampalataya. | positibong pananaw sa kabila ng kahirapan)<br>g. Napapaunlad ang pananampalataya sa kabila ng mga hamon at mga pagsubok sa buhay. | |
| F. *Disensyong Instruksyunal* | Kolaborasyon (Collaboration)<br>Makibahagi (Engage) | Konstekto (Context)<br>Magsiyasat (Explore)<br>Kolaborasyon (Collaboration) | Pagkamalikhain (Creativity) | Konstekto (Context)<br>Magsiyasat (Explore) |
| G. *21st Century Skills* | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills)<br>Kakayahang umunawa ng mga impormasyon (information literacy) | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills) | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills) | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills) |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pagpapahalaga at Virtue Bilang Batayan ng Sariling Pagpapasiya, Pagkilos, at Pakikipagkapuwa** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Edukasyon sa Pagpapakatao 8- Modyul 2" "Ang Misyon ng Pamilya sa pagbibigay ng Edukasyon, Paggabay sa Pagpapasya at Paghubog ng Pananampalataya" | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Edukasyon sa Pagpapakatao 10Modyul 12 "Espiritwalidad at Pananampalataya" | | | |
| B. *Iba pang Kagamitan* | • Worksheet<br>• Laptop/TV<br>• Manila paper, pentel pen | • Worksheet<br>• Slide deck | • Rubriks | • Worksheet |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | 1. Gamitin ang talahanayan na nasa worksheet upang buuin ang salita batay sa larawan. Maaaring gawing gabay ng guro ang mga tanong na nasa ibaba:<br>• Anu-ano ang mga nabuong salita mula sa larawan?<br>• Ano ang relihiyong naaangkop sa iyong pananampalataya? Paano ninyo pinapahalagahan ng iyong pamilya ang inyong pananampalataya?<br>• Ano ang mahalagang papel | **Active Learning.**<br>1. Magkakaroon ang mag-aaral ng partisipasyon para sa katanungan ng guro na nasa ibaba:<br>• Ano ang pumapasok sa inyong isipan kapag narinig ang salitang Pananampalataya?<br>• Naranasan mo na ba ang sitwasyon na kung saan mahalaga ang Pananampalataya? Maaari mo bang ipahayag ito ng maikli sa klase.<br>• Isipin ang isang pagkakataon na naisabuhay mo | 1. Balikan ang tinalakay nung nakaraan tungkol sa paraan upang mapangalagaan ang ugnayan sa Diyos.<br>2. Sa pamamagitan ng pagpalakpak, tutukuyin kung ang pahayag ay paraan upang mapangalagaan ang ugnayan sa Diyos.<br>Isang palakpak kung ito ay hindi tumutukoy sa paraan upang mapangalagaan ang ugnayan sa Diyos.Dalawang palakpak kung tumutukoy upang mapangalagaan ang ugnayan sa Diyos. | Mula sa bugtong na ibibigay, bubuuin ng mag-aaral ang salita na nauugnay sa bugtong.<br>1. Ako'y si Yolanda at Ondoy mula sa Visaya at Luzon, ang bagsik ng hagupit ko'y lubos na dumagundong.<br>___ ___GY___<br>2. Matanda, bata, may ngipin o wala, dumadapo ako kapag resistensya ninyo'y humina<br>___A___I___<br>3. Masakit kung iisipin, alala'y iyong dadamhin, di mo ito mapipigilan pagkat lahat tayo'y may hantungan<br>___A___AT_Y_____ |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng iyong pananampalataya sa pang-araw-araw mong buhay?<br>• Paano mo napapahalagahan ang iyong pananampalataya at ng iyong pamilya? | ang Pananampalataya sa Diyos sa mga pagsubok sa buhay. Ano ang nangyari at ano ang epekto nito? | a. Nagsisimba dahil nayaya ng mga kaibigan.<br>b. Tumutulong sa kapwa na walang hinihintay na kapalit.<br>c. Nagdarasal lamang dahil may kailangan hilingin sa Diyos.<br>d. May oras upang magmuni-muni sa mga ginawang kasalanan.<br>e. Dumadalo sa Bible study dahil nakikita ang *crush.* | 4. Masaya ang pakiramdam, kabaliktaran naman kung ito ang dumaan.<br>___AB_G_AN<br><br>5. Madalas ako'y di ninyo pinapansin, mararamdaman lang ninyo ako, kapag kayo'y pinagbubulungan at labis na pinagtatawanan.<br>K_H_____I_AN<br><br>**Itatanong:**<br>1. Anu-ano ang mga nabuong salita?<br>2. Dumadating ba ito sa buhay ng tao bilang pagsubok at hamon sa buhay ng tao?<br>3. Kung dumating ang isa sa mga ito sa iyo bilang hamon o pagsubok sa buhay mo at ng iyong pamilya, paano ninyo ito haharapin? |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Ilahad ang mga inaasahan na aralin ayon sa lebel ng mag-aaral.<br>Sabihin:<br>Sa araw na ito,<br>a) Aalamin natin ang kahalagahan ng pananampalataya sa sarili at sa pamilya gayundin ang mga | Sa pamamagitan ng **Frog Clap.** Tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | Sa pamamagitan ng **Roller Coaster Clap**. Tayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral. | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | paraan upang mapaunlad ito.<br>b) Uunawain natin ang paraan upang mapanatili ang ugnayan sa Diyos.<br>c) Maipapakita ang pagiging matatag sa pananampalataya sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay o mapagtatanto ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matatag na pananampalataya.<br>d) Napapaunlad ang kahalagahan ng pananampalataya sa kabila ng mga hamon at pagsubok sa buhay.<br><br>2. Sa pamamagitan ng **bird clap**, tayahin ang kahandaan ng mag-aaral. | | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | 1. Isasagawa ng mag-aaral ang concept mapping na nasa worksheet.Ilalagay ng mag-aaral ang ideya nila ukol sa | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kahulugan ng pananampalataya.<br>2. Sa pamamagitan ng **Cooperative Learning**, ang mga mag-aaral ay magsasagawa ng concept mapping sa manila paper batay sa kanilang naging kasagutan sa worksheet.<br>3. Ibabahagi o iuulat ito sa klase.<br>4. Maaaring talakayin ng guro ang mga paraan upang mapangalagaan ang ugnayan sa Diyos na nasa Edukasyon sa Pagpapakatao 8-*Modyul 2" "Ang Misyon ng Pamilya sa pagbibigay ng Edukasyon, Paggabay sa Pagpapasya at Paghubog ng Pananampalataya"* | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | 1. Ipapabasa ang kwentong "Ang Mag-asawang Lustre" na makikita sa kanilang worksheet. | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Pagkatapos, pasasagutan sa mga mag-aaral ang worksheet ayon sa pagkakasunod- sunod na pangyayari at pasasagutan ang mga tanong.<br>3. Magkakaroon ng talakayan gamit ang Socratic Method, na may mga inihandang tanong upang palalimin ang pag-unawa sa mga susing ideya at tema ng kwento. | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | 1. Ipapabasa sa mga mag-aaral ang isa pang kwentong "Ang Ama at ang binata" at susuriin ang pangyayari.<br>2. Maaaring talakayin ng guro ang binasa batay sa mga sumusunod na tanong:<br>• Ano ang inyong naramdaman sa kwento na inyong nabasa?<br>• Bakit ito ang inyong naramdaman?<br>• Paano pinatatatag ng isang ama ang | 1. Ipasusuri ang bawat sitwasyon na nasa worksheet Gawain 5 sa mga mag-aaral at pasasagutan ito.<br>2. Magkakaroon ng talakayan at maaaring maging gabay ng guro ang mga tanong na nasa ibaba:<br>• Ano ang iyong natuklasan batay sa iyong kasagutan mula sa sitwasyon?<br>• Naipakita ba ang kahalagahan ng iyong | 1. Gamit ang estratehiyang ***Jigzaw***, magsasadula ang bawat grupo ayon sa ibinigay na sitwasyon.<br><br>**Mga sitwasyon:**<br>A. Pinatitigil ka ng iyong ina sa pag-aaral dahil may malubhang karamdaman ang iyong ama. Ang pang-matrikula mo ay gagamitin para sa pagpapagamot ng iyong ama. Gustong-gusto mo nang makatapos ng pag- | 1. Ipapagawa ang Gawain 7 sa mag-aaral na nasa worksheet.<br>2. Pagkatapos isagawa, magkakaroon ng pagbabahaginan tungkol sa Gawain.<br>3. Maaaring iwanang mensahe ng guro ang:<br>*"Sa pang-araw-araw natin buhay, hindi nawawala ang mga pagsubok na dumarating sa atin. Ang mga pagsubok na ito ang lalong sumusubok sa katatagan ng ating pananampalataya o pananalig sa Diyos. Nawa'y anuman ang hamon o pagsubok sa buhay natin,* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kanyang damdamin nang makaharap niya ang salarin?<br>• Kung kayo ang nasa katayuan ng isang ama, mapapatawad ninyo rin ba ang taong pumatay sa iyong anak? Bakit? | pananampalataya batay sa sitwasyon?<br>• Bakit mahalaga ang sariling pananampala taya sa Diyos sa iyong buhay? | aaral, iniisip mo na mapag-iiwanan ka ng iyong mga kaibigan at kaklase. Ano ang iyong gagawin?<br>B. Nalaman mo na may kanser ang iyong ina na nasa stage 3 na bukod tanging nagtatrabaho at bumubuhay sa inyo, matagal na kayong iniwan ng iyong ama at hindi mo alam kung nasan na ito, panganay ka sa apat na magkakapatid, hayskul ka pa lang kaya natatakot at nag-aalala ka sa iyong pamilya, ano ang iyong gagawin?<br>C. May sari-sariling pamilya na ang iyong mga magulang, lola mo na lang ang iyong kasama sa buhay subalit kinuha pa ito ng Diyos, pakiramdam mo nag-iisa ka na lang at nangungulila. Ano ang iyong gagawin sa | *huwag tayong bibitiw bagkus gawin natin sandata at pananggalang ang pananalig o pananampalataya sa mga paghamon o pagsubok sa buhay."* |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | iyong nararamdaman?<br>D. Binubully ka ng iyong mga kaklase dahil sa na- hack ang iyong fb account mo na kung saan nasa messenger mo ang isang video na hubad ang iyong pantaas na katawan. Hindi ka makatulog at pakiramdam mo parati ka nilang pinagbubulungan, ano ang iyong gagawin?<br>E. Nakatira ka sa bahay ng tiyahin mo na nagpapaaral sa iyo dahil namatay na ang iyong mga magulang.Hindi ka makapasok nang maaga dahil tumutulong ka pa sa tindahan ng iyong tiyahin bago ka makapasok.Lagi kang napapagalitan ng iyong guro dahil sa parati kang huli sa klase.Hindi ka rin makapag-aral nang maayos dahil gabi ka | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | na nakakapagpapahinga, pagkatapos tumulong sa tindahan ng iyong tiyahin.Napapagod ka na at naiinggit sa iba mong kaklase na may nag- aasikasong magulang, ano ang iyong gagawin?<br><br>2. Maaaring gumawa ng sariling rubriks ang guro at ipresenta sa mag-aaral na gagamiting basehan sa pagbibigay ng marka para sa pagsasadula.<br><br>3. Gamit ang **Active Learning,** susuriin at tatalakayin ang naging aksyon na ipinakita ng bawat grupo. Nararapat na maipakita sa pagsasadula ang pagiging matatag sa pagharap sa paghamon sa buhay gamit ang iyong Pananampalataya sa Diyos. | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | | 1. Ipasusuri ang bawat sitwasyon na nasa worksheet Gawin 6 at pasasagutan kung ano ang gagawin.<br>2. Gamit ang estratehiyang **Think-Pair-Share**, ibabahagi ng mag-aaral ang naging kasagutan sa kapareha.<br>3. Pagkatapos, ibabahagi ng kapareha ang kasagutan ng kanyang kamag-aral.<br>4. Maaaring talakayin ng guro ang Gawain gamit ang gabay na mga tanong:<br>• Naipakita ba ang pagkakaroon ng matatag na pananampalataya ang inyong kapareha batay sa kanyang kasagutan sa sitwasyon? Ipaliwanag<br>5. Atasan ang mag-aaral na magbahagi ng kanilang karanasan na sinubok ang kanilang | Magkakaroon ng talakayan tungkol sa paraan upang mapaunlad ang pananampalataya sa sarili at pamilya na magiging sandata sa pagharap sa mga hamon sa buhay na nasa Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul 12 *"Espiritwalidad at Pananampalataya"* | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | pananampalataya. Maaaring magtanong ng boluntaryo mula sa klase o gumamit ng online roleta para sa pagpili ng mag-aaral na gagawa nito.<br>6. Iproseso ang mga naging pahayag ng mag-aaral. Nararapat na matuklasan ng mga mag-aaral na ang pagkakaroon ng katatagan sa pananampalataya sa Diyos ay nakatutulong upang magkaroon ng pag-asa, katatagan at lakas ng loob upang harapin ang mga pagsubok sa buhay. | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | | Sabihin:" *Ngayong alam ninyo ang kapangyarihan ng pananampalataya sa pagbibigay ng pag-asa, lakas, at katatagan upang harapin ang mga pagsubok sa buhay, naniniwala ako na ang pananampalataya, anuman ang pinagbabatayan nito, ay* | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *maaaring magbigay sa atin ng lakas ng loob. Sa pamamagitan nito, magkakaroon tayo ng pag-asa at hindi tayo magugupo sa anumang hamon sa buhay."* | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | | | | Ipasagot sa mga mag-aaral ang 10 item test na maikling pagsusulit. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph